

MALIGAYANG PAGDATING SA PAARALAN



Ang Gabay upang malaman at makilala
ANG PAARALANG PANGBATA
ANG PAARALANG PRIMARYO
ANG PAARALANG SEKONDARYO NG 1^o GRADO
ANG SERBISYONG PAMPAARALAN

SOCIETÀ DELLA SALUTE ZONA FIRENZE SUD EST
Bayan at Paaralan ng Bagno a Ripoli, Barberino di Mugello, Figline Valdarno,
Greve, Incisa in Val d'Arno, Impruneta, Pelago, Pontassieve, Reggello, Rignano
Sull'Arno, Rufina, San Casciano, Val di Pesa, Tavarnelle Val di Pesa

Mga Kagalangalang na Magulang;

Aming inihanda ang munting gabay na ito para kayo'y tulongan at ang inyong mga anak na maiangkop sa balangkas ng Paaralang Italyano. Sa katotohanan batid naming na tunay na mahirap maunawaan ang gamit ng mga serbisyo sa isang bansang estranghero, lalo na't kung walang lubos na kaalaman sa wika at sa burukrasya na lalong nagdudulot ng komplikasyon.

Sa munting gabay na ito inihahandog namin sa inyo ang ilang impormasyon hinggil sa paaralang pambata at ang panimulang antas ng edukasyon, na inaasahan namin na ito'y magiging makabuluhan sa inyo upang tulongan ang inyong mga anak na gugulin ng mapayapa ang kanilang buhayeskwela hanggang sa gulang na 14. Matapos ito sa hinanaharap maaring magkaroon din ng munting gabay na katulad nito para naman sa pangalawang antas ng edukasyon.

Sa unang bahagi matatagpuan ninyo ang maikling pagsasalarawan ng sistemang pangpaaralan ng Italya, ilang impormasyon sa balangkas ng paaralan at sa ilang kapamaraan sa mahusay pakikipagugnayan sa mga guro.

Sa Pangalawang bahagi makikita ninyo ang ilang impormasyon sa mga serbisyong pangpaaralan (pagkain at sasakyan) at sa posibleng pagkakaroon ng tulongekonomiko upang kayanin ang pagbabayad ng relatibong gastos sa pagaaral ng inyong mga anak.

Ang aming layunin ay ipabatid sa inyo ang kahalagahan ng pormasyon sa loob ng pamayanang taga-turo sa paaralan: ang pagtuklas, ang kaalaman, na ang edukasyon ay pangunahing sangkap, na tagahubog ng ating isipan, para sa pagtatrabaho, para sa pamumuhay, para gugulin ng nasa wastong isip ang yaman ng mundo ng iba'tibang lahi at ang katotohanang nakabatay sa plurarismo. Ang gabay ay tumutugon sa mga pamilyang estrangherong naninirahan sa mga bayang sumusunod:

1. Bagno a Ripoli,
2. Barberino Val d'Elsa
3. Figline Valdarno
4. Greve,
5. Impruneta
6. Incisa Valdarno
7. Pelago,
8. Pontassieve
9. Reggello
10. Rignano Sull'Arno
11. Rufina
12. San Casciano Val di Pesa
13. Tavarnelle Val di Pesa

Sa panghuling bahagi ng gabay makikita ninyo kung saan matatagpuan ang mga paaralan at ang serbisyong pang edukasyong panglipunan ng inyong bayan kung saan kayo naninirahan, at dito'y maaari kayong humingi ng malalimang impormasyon. Dapat ninyong tandaan ang institusyong pang edukasyon na kung saan natututo ang inyong mga anak ay ito rin ang sentrong lugar ng mga magulang para sa patuloy nilang pagkatuto: pagkakataon upang matuto ng wikang Italyano, mapalalim ang kaalaman sa kulturang Italyana o ang i kaalaman sa ibatibang panig ng pagaaral at ng inisyatiba ng proyektong Lifelong Learning. Ang Cento Interculturale di Pontassieve na sumusubaybay sa lahat ng lugar ng bayang sakop na may kinalaman sa pamilyang estranghero ay may counter ng impormasyon at tulong gabay na bukas sa mga oras na sumusunod:

–Martes 9:00-13:00 Huwebes 9:00-13:00 Tel. 055/8315548, 055/8360303, email:

cemel@comune.pontassieve.fi.it, cint@comune.pontassieve.fi.it

ANG PRESEDENTE NG KAPISANANG
PANGKALUSUGAN
Luciano Bartolini

MGA NILLALAMAN

MALIGAYANG PAGDATING SA PAARALAN

1. ANG KALENDARYO-ISKOLASTIKO	4
2. ANG PAARALANG ITALYANO.....	4
3. PAANO ANG BALANGKAS NG PAARALAN.....	7
4. ANG LOOB NG PAARALAN.....	7
5. ANG PAGPAPALISTA (ENROLLMENT).....	8
6. IBA PANG KAPAKIPAKINABANG NA IMPORMASYON.....	9
a. Ang Oras	
b. Ang Pagliban	
k. Ekskursyon at mga Pagbisita	
d. Para sa mga Batang Estrangherong hindi nagsasalita ng wikang Italyano	
e. Pakikipanayam at pulong sa mga guro	
7. ANG PAGSUBAYBAY NG DALOY NG PAGAARAL NG ANAK.....	10

ANG SERBISYONG PANGPAARALAN AT ANG KARAPATAN SA PAGAARAL

1.SERBISYO SA PAGKAIN AT SASAKYANG PANGMAGAARAL.....	11
a. tulongekonomiko	
2. MGA TULONG PARA SA KARAPATAN SA PAGAARAL	12
b. iskolarship	
k. Tulong sa pagbili ng mga textbooks	
d. ang bando para malaman ang mga tulong sa karapatan sa pagaaral	

MALIGAYANG PAGDATING SA PAARALAN

Sa Italya ang paaralan ay bukas sa lahat (art.34 ng Saligang Batas Italyana). Walang sinumang bata, maging ang estranghero ang pagkakaitan anumang ligal na kalagayan ng kanyang pamilya sa pagtigil sa Italya. Ang mga bata ay maaring magpalista pagkadting mismo sa Italya anumang panahon ng taong iskola. Maaring silang magpalista sa mga paaralan ng estado na kung saan hindi sila magbabayad ng buwis ng pagpapalista o kaya naman ay sa paaralang hindi sa estado na karaniwang may bayad.

Ayon sa batas Italyano ang mga magulang ay may tungkuling ipasok sa paaralan ang kanilang mga anak. Sa katunayan mayroong pananagutang paaralan na kailangang galangin ng lahat ng mag-aaral kinakailangang sila ay dumalo ng aralin sa oras na itinakda.

ANG KALENDARYO ISKOLASTIKO

Ang taong iskola ay karaniwang nagsisimula tuwing kalahatian ng Setyembre at natatapos sa kalahatian ng

Hunyo. Tanging ang paaralang pambata (Kinder 36 gulang) ang nagtatapos sa huling araw ng Hunyo.

Sa loob ng siyam (9) na buwang ito mayroong 2 panahon ng bakasyon:

- dalawang linggong bakasyon tuwing kapaskuhan (karaniwan mula ika23 ng Disyembre hanggang ika6 ng Disyembre)
- isang linggong bakasyon tuwing kuwaresma (Marso o Abril).

Ang iba pang araw ng piyesta ay:

- ika1 ng Nobyembre
- ika8 ng Disyembre
- ika25 ng Abril
- ika1 ng Mayo
- ika2 ng Hunyo

abatid loob ng taong ding iyon. Ipapaalam ang mga ito sa pamilya sa pamamagitan ng diyaryo o kwaderno ng bata. Kung kaya't ang mga magulang ay kailangang magbigay pansin sa mga komunikasyong ipinaparating ng mga guro at lumagda kapag ito ay nabasa at nabatid na.

ANG PAARALANG ITALYANO

Ang sistema ng pagaaral ng Italya ay nakabalangkas sa paraang sumusunod:

- Paaralang Nido (nursery) 03 taong gulang (ang edad sa pagtanggap ay naiiba depende sa bayan) Paaralang pambata (kinder) mula 3 6 na taong gulang
- Unang antas ng pagaaral Paaralang primaryo mula 6 11 taong gulang (tungkuling tapusin)
- Paaralang sekondaryo ng 1° grado mula 11 14 taong gulang (tungkuling tapusin)
- Pangalawang Antas ng Pagaaral Paaralang sekondaryo ng 2° grado mula 14.19 taong gulang
- Unibersidad Pamantasan

Ang iba pang araw ng bakasyon ay maaring itakda ng paaralan na ipab

Ang Paaralang pambata (Scuola dell'infanzia) ay may tagal na tatlong taon at tumatanggap ng mga batang may edad na 3 hanggang 6 na taon. Maaari ring ipalista ng mga magulang ang kanilang anak na may edad na 2 at kalahati kinakailangan lang magtanong sila sa tanggapan ng paaralan. Kahit hindi nabibilang ang paaralang pambata bilang tungking tapusin, sa Italya ang lahat ng bata ay ipinapasok sa Paaralang ito dahil ito'y nagmumungkahi ng mga kinakailangang pormasyon at

paghahanda.

Ang lahat ng seksyon ay magkahalo ibigsabihin magkasama ang lalaki at babae. Ang bawat seksyon ay may dalawang guro, ngunit maari ring magkaroon ng ikatatlong guro kung kinakailangan para tulong sa mga batang may kapinsanan.

Ang normal na tagal ay 40 oras sa isang linggo na may posibilidad na magkaroon ng serbisyo sa pagkain. Ang bawat paaralan ay may sariling oras na itinatakda kung kaya't kailangang magtanong sa tanggapan ng paaralan .

Ano ang natututunan ng mga bata sa Paaralang Pambata?

Sa paaralang Pambata ang mga bata ay makakaranas ng mga relatibong gawaing tumutukoy sa apat na kampo ng karanasan:

a) ANG SARILI AT ANG IBA. Ang mga bata ay hinihikayat na likhain ang kanilang identidad personal at sosyal at pagyamanin ang kanilang kakayanang magsarili sa pakikitungo sa iba na may paggalang sa mga wastong gawi na kinikilala at ibinabahagi sa grupo.

b) KATAWAN, GALAW, KALUSUGAN ang mga bata ay makakaranas ng mga galaw na makakatulong sa kanilang paglaki at killalanin ang kanilang katawan bilang sangkap sa komunikasyon at pagpapahayag.

k) MAGSAYA, LUMIKHA NG MENSAHE ipinauunlad ang kakayanan ng bata na gamitin ang komunikasyon sa pagsasalita.

d)TUMUKLAS, MALAMAN, MAGPLANO ang mga bata ay ginagabayan sa panimulang bahagi ng kanilang kaalaman na malaman ang totoong buhay na kanilang iniikutan sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang pandamdin at ng instrumentong maaari nilang gamitin.

Kadalasan ang paaralan ay nagsasagawa ng mga gawaing pang pormasyon at pang.edukasyon tulad ng teatro,sine at edukasyong pangllabas.

Ang Paaralang Primaryo (dating tawag ay Paaralang elementarya) ay tungkulin (obligatoryo) at may tagal na 5 taon. Ipinapasok ang mga batang may gulang na 6 hanggang 11 taon. Ang pagpapalista sa unang taon ay obligatoryo sa lahat ng bata na may 6 na taong gulang bago mag ika-31 ng Agosto: Sa buwan ng Setyembre ay ang simula ng leksyon na dapat pasukan. Ang mga magulang ay maaring ding magpasya na ipalista ang kanilang anak na may gulang na 5 at kalahati, hanggat ang bata ay magaanin na taon bago mag ika30 ng Abril ng taong susunod. Ang lahat ng seksyon ay magkahalo ibigsabihin magkasama ang lalaki at babae. Maaring magkaroon ng katuwang na guro kung mayroong magaaral na may kapinsanan. May ibat ibang posibleng oras ng balangkas ng pagaaral na itinatakda ng bawat paaralan.

- Matagalang oras: Mula Lunes hanggang Biyernes, 8 oras bawat araw na binubuo ng 40 oras bawat linggo.

- Maikling oras: Bumubuo ng hindi bababa sa 27oras bawat linggo. Kadalasan ang eskwela ay nagsasagawa ng dagdag na 3 oras na gawain na isasama sa 27 oras. Sa dahiling ang bawat paaralan ay nasasagawa ng kanilang partikular na oras kinakailangang sumangguni sa tanggapan ng paaralan para sa impormasyon hinggil sa oras ng simula at tapos ng leksyon sa bawat araw ng isang linggo, ng araw ng laboratoryo, gawaing pangpormasyon at edukasyon. Sa lahat ng paaralang primaryo maaring tumanggap ng serbisyo sa pagkain (kantin) kung sakaling mayroong gawaing panghapon.

Ang paaralang primaryo ay walang bayad pati ang mga aklat at textbooks ay libre. Sa panahon ng pagpapalista kadalasan maaring hingan ang bawat pamilya ng maliit na kontribusyon para sa pagsisiguro (insurance) ng bawat magaaral, para sa librongpangkomunikasyon, o para sa kaunting suporta sa maliitang gastos tulad ng gastos sa xerocopy.

Sasagutin ng bawat pamilya ang pagbili ng notebooks, ballpens, aklat.talaan (diary) at iba pang gamit na hihingiin ng guro para sa mga gawaing pangeskwela.

Ano ang matutuhan ng mga bata sa Paaralang Primaryo?

Sa Paaralang Primaryo pinagaaralan ang mg sumusunod na aralin: Wikang Italyano

- o Matematika
- o Agham (Science)
- o Heyograpiya (geography)
- o Teknolohiya at Impormatika
- o English
- o Sining at Paglalarawan (Drawing)
- o Agham ng paggalaw ginnastica (Physical education)
- o Musika Kadalasan ang paaralan ay nagoorganisa ng gawaing pagsasanay at pangedukasyon tulad ng teatro ,sine,potograpiya at edukasyong panlabas.

Ang **Paaralang Sekondaryo** (dating tawag scuola media) ay itinuturing tungkuling tapusin - obligatoryo at may tagal na 3 taon. Tinatanggap ang mga batang may gulang na 11 hanggang 14 na taon. Ang Paaralang Sekondarya ng 1^o grado ay binubuo kasama ng nabanggit paaralang Primaryo na tinatawag na Panimulang antas ng obligatoryo. Tinatapos nang may nationalexamination (esame di stato) kung makakapasa dito maaring magpatuloy sa paaralang sekondaryo ng 2^o grado. May tagal na 27¹ oras sa loob ng isang linggo na kung saan may dagdag na 6 na oras para sa opsiyonal na gawaing panglaboratoryo na ang bawat paaralan ay kailangang gawin. Ang impormasyon sa laboratoryong ito ay kadalasang nasa mga gawaing opsiyonal (optional activity) tulad ng nasa form ng mga oras na possibile (moduli orari possibili) ibinibigay ang forms na ito ng Tanggapan ng paaralan sa oras ng pagpapalista. Sa lahat ng paaralang sekondaryo ng 1^o grado ay maaring magkaroon ng serbisyo sa pagkain (kantin) sa mga araw na may gawaing panghapon. Ang lahat ng klase ay magkahalo kung sakaling sa klase ay may magaaral na may kapinsanan inaasaahang may gurong katuwang. Ang Paaralang Sekondaryo ay walang bayad, ngunit ang mga magulang ay kinakailangang sagutin ang pagbili ng mga aklat at textbooks. Sa panahon ng pagpapalista kadalasan maaring hingan ang bawat pamilya ng maliit na kontribusyon para sa pagsisiguro (insurance) ng bawat magaaral, para sa librongpangkomunikasyon, o para sa kaunting suporta sa maliitang gastos tulad ng gastos sa xeroxcopy. Sasagutin ng bawat pamilya ang pagbili ng notebooks, ballpens, aklat.talaan (diary) at iba pang gamit na hihingiin ng guro para sa mga gawaing pangeskwela.

Ano ang matutuhan ng mga bata sa Paaralang Sekondaryo ng 1^o grado?

Sa Paaralang sekondaryo (dating tawag scuola media) pinagaaralan ang mg sumusunod na aralin: Wikang Italyano

- o Agham ng Matematika
- o Agham (Science) natural,physic,chemistry
- o History
- o Heyograpiya (geography)
- o Wikang English
- o Wikang Pranses
- o Sining Edukasyong
- o Edukasyong Musika
- o Teknolohiya at Impormatika
- o Agham ng paggalaw ginnastica (Physical education)

Kadalasan ang paaralan ay nagoorganisa ng gawaing pagsasanay at pangedukasyon tulad ng teyatros,sine,potograpiya at edukasyong panlabas.

¹ Ang ibang paaralan ay nagsasagawa ng kanilang oras sa paraang kaikaiba kung kaya't ang paaralang ito'y bumubuo at nagsasagawa ng 29 oras na obligatoryo importanteng magtanong sa mismong paaralan sa oras ng pagpapalista.

PAANO ANG BALANGKAS ANG PAARALAN?

Sa ilang lugar ang paaralan ay nakaayos sa sumusunod na pamamaraan:

- Ang **Paaralang Pambata at Paaralang Primaryo** ay bahagi ng isang lupon ng paraan ng pagtuturo (CIRCOLO DIDATTICO), na kung saan ito ay sinusubaybayan ng isang Pinunong Pangpaaralan. Ang paaralang pambata maging ang paaralang primaryo ay maaring magkaroon ng magkaibang iskolastikong sangay sa magkaibang lugar ngunit may isang sanggunian at isang kalihiman at isang Patnugutan.
- Ang **Paaralang Sekondaryo ng 1^o grado** ay may sariling Pinunong Pampaaralan maaring magkaroon ng hiwahiwalay na iskolastikong sangay ngunit may iisang Patnugutan at iisang kalihiman na nagpupulong sa tanggapang prinsipal.

Sa ibang lugar maaari ninyong matagpuan ang iisang **KOMPENSIBONG INSTITUTO** na binubuo ng Paaralang Pambata (kinder) Paaralang Primaryo at ang Paaralang Sekondaryo ng Primo grado. Ang instituto ay maaring magkaroon ng iba'tibang sangay ngunit may iisang namumuno (prinsipal) at iisang kalihiman.

Mapapansing ang mga paaralan ay hindi nakabalangkas ng magkakatulad. Kadalasa'y may sentrong tanggapan na dito matatagpuan ang kalihiman at ang Pinuno ng Paaralan (direktor). Sa maliliit na lugar matatagpuan ang iskolastikong sangay, matatagpuan dito ang silidalaran, ang kantin, ang silidaklatan, at iba pang serbisyo, ngunit hindi dito matatagpuan ang kalihimang at ang pamunuan. Ang kalihiman ng paaralang ito at ang Pinunong Pampaaralan (Direktor) ay matatagpuan sa tanggapang prinsipal na kung saan napapailalim ang mga iskolastikong sangay.

Sa huling bahagi ng gabay na ito makikita ninyo ang lugar kung saan matatagpuan ang lahat ng tanggapang prinsipal at mga iskolastikong sangay o mga hiwalay na kaugnay na tanggapan.

ANG LOOB NG PAARALAN

Ang Pinuno ng Paaralan (Direktor/Preside)

Ang pinuno ng paaralan ay may pananagutan sa buong balangkas at pangkalahatang kagalingan ng paaralan. Maaari kayong sumangguni sa pinunongiskolastiko sa mga partikular na problema, na karaniwan ay kailangang humingi ng apuntamento sa kalihiman. Ang pinuno ng paaralan ay maaaring magpatawag ng pulong sa mga pamilya upang pagusapan ang pangkalahatang kalagayan ng paaralan o para magpaliwanag ng ilang mahahalagang pagbababago sa paaralan, o kaya'y maaaring tawagan ang mga magulang ng magaaral sa mga partikular na problema.

Ang mga kagawad ng Kalihiman

Kadalasan ang bawat kalihiman ay may isang tauhan para sa pagpapalista.

Kailanagng sumangguni sa kalihiman sa pagpapalit at magbabago ng paaralan na ibig sabihin ay ang paghingi ng

“nulla osta” (pahintulot). Ang kalihiman ng paaralan ay may orastanggapan.

Ang mga guro

Ang bilang ng mga guro ay nagbabago; sa paaralang pambata at sa paaralang primaryo na may mahabang oras kadalasan ay may dalawang guro at dagdag na guro para sa relihiyon, at wikang english o dagdag na gurongkatuwang para sa mga magaaral na may kapinsanan. Sa paaralang primaryo maaring mayroong tatlong guro na magtuturo sa dalawang klase kasama ang dagdag na guro para sa relihiyon, guro para sa English o dagdag na gurongkatuwang para sa mga magaaral na may kapinsanan.

Sa paaralang sekondaryo ng primo grado kadalasang ay may 7 guro na magtuturo ng ibatibang aralin (subjects). Maging sa paaralang ito mayroong dagdag na gurongkatuwang para sa mga magaaral na may kapinsanan.

Ang mga tagabantay (i Custodi)

Ang mga tagabantay ay may tungkuling magbukas at magsara ng paaralan, sumagot sa telepono, tagapanatili ng

kaayusan at tagalinis ng lugar. Ang tagabantay na nangangasiwa ng serbisyo sa pasukan at labasan ng paaralan (portineria) ang mahtuturo sa inyo sa pagpasok sa mga tanggapan tulad ng silid ng kalihiman, tanggapan ng presidente atbp. Pinaaalala na kung mahihirapang makipagusap sa wikang italyano maaaring magkaroon ng interpreter na nagsasalita ng inyong wika.

ANG PAGPAPALISTA

Ang pagpapalista ay isinasagawa sa tanggapan ng kalihiman (segreteria) ng bawat paaralan.

Ang oras ng tanggapan ng kalihiman ay naaayon depende sa bawat paaralan. Ang magulang ay kailangang

magtanong kung anong araw at anong oras ito bukas sa publiko.

Sa sinumang hindi nakapagsasalita ng wikang italyano maaring humingi ng tagapamagitan sa wika (mediatore linguistico)

Kung ang magaaral ay narito na sa Italya o kaya'y darating pa lang sa Italya ang batang ito'y kailangang magpalista sa

buwan ng Enero ng susunod na simula ng taong iskolastiko, kung ang kaso ay hidi ganito maring ipasok ang bata

pagkadating na pakadating sa Italya ng anumang panahon ng taong iskolastiko.

Ayon sa batas ang bata ay maaaring ipasok sa klase anumang idad kahit hindi pa ito nakapagsasalita ng

Italyano.(DPR 394/99 art. 45)

Ang magulang na nais ipalista ang kanilang anak sa eskwela ay kailangang pumunta sa kalihiman at gawin ang ss.:

1) Sagutan ang forms ng pagpapalista na hinihingi ang impormasyon ng talaangsibil

2) Ibigay ang mga sumusunod na dokumento:

a) sertipikato ng kapanganakan

b) sertipikato ng pagpapabakuna

k) Mga dokumento na kung saan dating nagaaral sa bansang pinanggalingan o dokumento ng pahintulot (nulla osta) ng dating paaralang italyanang pinanggalingan

Kung ang magulang ay walang pinanghahawakang sertipikato ng kapanganakan at dokumento ng paaralang pinanggalingan, maaring silang magsagawa ng deklarasyon na nasa kanilang

pananagutan isinasaad ang pangalan at apelyido, ang araw ng kapanganakan at ang antas na pinasukan sa paaralan ng anak sa bansang pinanggalingan o ilang taon nang nagaaral ang bata

(autocertificazione) Kung ang magulang ay walang napanghahawakang sertipikato ng bakuna kailangan pumunta sa tanggapan ng ASL (Azienda Sanitaria locale). Sa araw ng pagpapalista ang magulang ay maaring tanungin sa mga ss:

- 1) "Mahabang oras" o "maikling oras ng pagpasok" ito ay para sa paaralang primaryo. Sa dahilang hindi lahat ng paaralan ay magkakatulad ang kung ano ang katumbas ng nasabing oras kailangang linawin ito.
- 2) Ang "modulo orario" para sa pagpasok ng Paaralang Sekondaryo 1° grado
- 3) Pagaaral ng relihiyong katoliko o piling olternatiba
- 4) Pangangailangan ng serbisyo sa sasakyan mula bahay hangang paaralan
- 5) Pangangailangan ng serbisyo sa pagkain (kantin)
- 6) Kahilingan ng pagbabago ng menu sa pagkain kung sakaling may problema sa kalusugan o sa kadahilanang pangrelihiyon.

IBA PANG IMPORMASYONG KAPAKIPAKINABANG

ORAS

Ang oras ng simula at tapos ng pagaaral ay itinakda ng bawat paaralan. Ang pagsunod sa oras-iskolastiko ay mahalaga. Sa kalahatian ng umaga ay may pahinga (reses) ang mga maga-aral maaring kumain at magmiryenda. Ang mga maga-aral na nasa paaralang primaryo sa katapusan ng huling leksyon sa paglabas sa paaralan tanging ang magulang ang maaring kumuha sa bata o ang kanyang kinatawan na kailangan magpakita sa takdang oras. Kung kakailanganin ang serbisyo ng sasakyang iskolastiko sa umaga ang bata ay kailangang maghintay sa Hintuan ng bus sa oras na pinagkasunduan. Sa paguwi sa bahay, ang magulang o isang mayor di-idad na kinatawan ng magulang ang maghihintay at kukuha sa bata sa hintuan ng bus kung hindi ganito, ibabalik ng driver ng bus ang bata sa paaralan.

ANG PAGLIBAN SA LEKSYON

Kinakailangan pumasok ang maga-aral sa paaralan araw-araw. Sa kasong hindi paapasok o hindi makararating sa oras kinakailangang ipaliwanag ng magulang ang pagliban ng nakasulat at may lagda. Sa paaralang Sekondarya maaring gamitin ang talaan ng pagpapaliwanag (libretto delle giustificazioni) na ibinibigay sa mga magulang sa simula ng taon. Sa higit na 5 araw na pagliban, bukod sa nakasulat na pagpapaliwanag kinakailangan ang sertipikato ng doktor. Kung sakaling ang maga-aral ay kailangang lumiban ng higit sa limang araw sa ibang dahilan at hindi dahil sa may sakit ang magulang ay may tungkuling ipaalam ito sa paaralan. Sa paaralang Sekondaryo ng 1^o grado hindi kikilalanin ang taong iskolastiko ng batang hindi pinasukan ang $\frac{3}{4}$ ng itinakdang oras ng taong iskolastikong dapat pasukan.

ANG MGA ESKURSIYON AT MGA PAGBISITA

Sa daloy ng taong iskolastiko ang paaralan ay karaniwang nagoorganisa ng mga pagbisita may gabay sa mga museyo, monumento, eksibit, atbp. Kadalasan ang paaralan tuwing ikalawang bahagi ng taong iskolastiko ay nag-oorganisa ng ekskursiyon sa ibang syudad na kung minsan ay tumatagal ng higit sa isang araw. Karaniwan ang gastos sa mga pagbisita at ekskursiyong iskolastiko ay sasagutin ng pamilya na ipinapalam ang araw, ang programa, at ang gastos. Kinakailangang lagdaan ang pahintulot ng magulang upang ang maga-aral ay maaring dumalo.

PARA SA MGA BATANG HINDI NAKAPAGSASALITA NG WIKANG ITALYANO

Para sa mga batang hindi nakapagsasalita ng wikang italyano ay maaring tulungan ng tagapamagitan sa wika upang maga-aral na ito'y mahusay na mapalagay sa bagong paaralan. Ang kaparaanan ng mga tagapamagitan ay iba'tiba depende sa bawat paaralan, ngunit may hangganan ang bilang ng tulong na oras sa lahat ng paaralan ng lugar. Ang paaralan bukod pa ay nagsasagawa ng mga hakbanging pangindibidwal at oras ng pagtuturo ng wikang italyano. Ang mga guro ng bawat klase ay naghahanda ng mga gamit at angkop na gawain at nagsasagawa ng gawain ng grupo upang mapadali ang pagunawa sa wikang italyano. Sa ilang paaralan mayroong mga gurong may kasanayan na binubuo sa maliit na grupo ang mga maga-aral upang turuan ng wikang italyano. Sa ilang kaso ang gawaing ito ay isinasagawa sa loob ng orasiskolastiko, na ipinalalabas ang mga bata sa klase kung saan sila kabilang at dito'y ipinapapasok sa laboratoryo ng pagaaral ng italyano, sa iba pa ring kaso isinasagawa sa labas ng orasiskolastiko ngunit isinasagawa sa loob ng paaralan. Ang kurso ay walang bayad at maaari kayong humingi ng impormasyon sa guro ng klase, sa kalihiman o sa pinuno ng paaralan. Maging sa mga magulang mayroong kurso ng wikang italyano: maari kayong magtanong sa kalihiman ng paaralan.

KOMUNIKASYON AT MGA PULONG SA MGA GURO

Para sa mga magulang at mga estrangherong magaaral na nahihirapang makipagusap sa Italyano, ang paaralan (sa tulong ng musnisipyo ng bayan) ay maaring maglaan ng isang tagapamagitan sa wika na nagsasalita ng inyong wika, ito ay malaking tulong upang matiyak ang kumpletong pagkakaunawaan ng magkabilang panig. Ang paaralan ay makikipaguganayan sa pamilya sa pamamagitan ng talaang personal ng bata (diary) o ng kuwadernong pangkomunikasyon. (halimbawa abiso ng bakasyong iskolastiko, paghingi ng pahintulot para sa mag-aral, abiso ng pagpapabot ng report kard atbp) Kinakailangang lagdaan ang lahat ng komunikasyon upang mapatunayang ito ay nabasa. Maging ang mga magulang ay maaring na magpadala ng komunikasyong nakasulat sa mga guro.

Para sa magulang na may problemang magsalita sa wikang Italyano, mayroong modulo na nakasulat sa dalawang wika na maaring makatulong upang mapagaan ang komunikasyon. Magtanong sa tanggapan ng kalihiman ng paaralan kung mayroong disponible sa inyong wika.

Ang mga guro at ang mga magulang ay nagpupulong panapanahon upang pagusapan ang programa ng taong iskolastiko o ang mga problema ng klase.

Sa simula ng taon ang mga magulang ay magtatakda ng kanilang kinatawan sa klase bilang tagapagsalita sa mga guro.

Ang guro ay maaring humiling ng pulong sa magulang upang pagusapan ang kanilang anak at iparating nito ang oras at kung kailan gaganapin. Pati ang magulang ay maaring humiling ng pakikipagusap sa mga guro.

Sa paaralang Sekondarya, sa simula ng taong iskolastiko ang mga guro ay magtatakda ng oras ng pagtanggap (isang

oras sa umaga sa isang palagiang araw sa isang linggo, kadalasan ay iba'tiba sa bawat guro). Ang oras na ito ay ipaabot sa mga pamilya na maaaring ring maganap sa hapon kung sakaling magtawag ng pangkalahatang pulong: lahat ng mga guro ay maaring matatagpuan ng samasama sa ilang oras ng hapon at ito ay nagngyayari rin sa araw ng pagbibigay ng report kard. Dito rin ay maaring humiling ng tagapamagitan sa wika kung ang magulang ay mangangailangan. Ang paaralang Italyano ay nagbibigay malaking pagpapahalaga sa araw ng pulong ng pamilya ng mag-aaral at hinihiling nito ang pakikibahagi ng mga magulang na alamin ang buhay iskolastiko ng kanilang mga anak. May tungkuling ipabatid sa paaralan sa partikular na kalagayan ng magaaral, na subaybayan na ang mga aralingbahay ay naisasagawa, na ang mga magaaral ay papasok sa eskwela ng may dalang libro, dalang mga kuwaderno at mga gamit na kakailanganin sa mga aralin, na tityaking regular na papasok sa paaralan.

ANG PAGSUBAYBAY NG DALOY NG PAG-AARAL NG ANAK

Sa bawat taong iskolastiko ay nahahati sa dalawang bahagi na ang tawag ay quadrimestri.:

- o Ang unang Quadrimestre ay magsisimula ng Setyembre hanggang Enero
- o Ang pangalawang Quadrimestre ay magsisimula ng Pebrero hanggang Hunyo

Sa katapusan ng bawat quadrimestre ang mga guro ay pagaaralan ang kalagayang iskolastiko ng

kanilang mga magaaral at sa Paaralang Primaryo at Sekondaryo ng 1^o grado ay ang paghahanda ng scheda di valutazione. Ang scheda di valutazione ay mahalagang dokumento na kailangang pangalagaan. Dito'y ang guro ay imaikling ilalarawan ang kalagayang iskolastiko ng magaaral at bibigyan ng hatol na maaring:

- o Napakahusay (Ottimo)
- o Natatangi (distinto)
- o Mahusay (Buono)
- o Sapat (Sufficiente)
- o Hindi Sapat (Non Sufficiente)

Ang mga guro ay nagpapatawag ng mga pulong upang ibigay sa pamilya ang scheda di valutazione o ang report kard at kung sino ang hindi gaanong nakakaunawa ng Italyano maaring humiling ng isang tagapamagitan sa wika. Ang scheda o ang report kard ng buwan ng Enero ay kailangang lagdaan at ibalik sa paaralan, ang natanggap ng katapusan ng taong iskolastiko ay mananatili sa magulang. Bukod pa ang bawat magaaral ay pinaghahandaan ng "portfoglio" delle competenze. Ito ay ang dokumentong nagsasalarawan ng katangian ng bata at ng kanyang kakayanan sa labas ng araling iskolastiko. Ang dokumentong ito ay isinusulat sa pakikipagtulungan ang mga guro, magulang, at magaaral na nilalakipan ng konkretong halimbawa kung ano itong alam gawin ng bata.

MGA TULONG PAMPAARALAN AT ANG KARPATAN SA PAGAARAL

1. TULONG SA PAGKAIN AT SASAKYANG PAMPAARALAN

Maaaring magkaroon ng serbisyo sa pagkain at sa sasakyan sa mga magaaral na nakalista sa Paaralang pambata, sa paaralang primaryo at sa Paaralang sekondaryo ng 1^o grado.

Paano ang paghiling ng serbisyo sa pagkain at ng sasakyan?

Kinakailangan:

- o Humiling ng forms sa Tanggapan ng paaralan ng inyo Bayan o sa paaralan kung saan mag-aarall ang inyong anak.
- o Sagutan at lagdaan ang forms

Nota: sa kasong nahihirapan sa pag-unawa ng pagsagot sa forms maaring humiling sa tanggapan ng paaralan ng inyong bayan o sa kalihiman ng tanggapan ng paaralan ng tulong ng interpreter ng inyong wika.

Kanino kailangang ipaabot ang forms ng kahilingan?

Ang kaparaanan ng pagpapaabot ay nagkakaiba ng bayan sa bayan, ngunit laging nakasulat sa forms kung kanino at kailan ang takdang araw na kailangang ipaabot. Ang kahilingang ipinaabot ng labas sa takdang araw ay ituturing na pilingriserba waiting list ibig sabihin tutulungan muna ang ibang nag-paabot sa takdang oras, maghihintay muna hanggat walang labis ng pusisyong natitira.

Magkano ang halaga nito?

Para sa serbisyo ng pagkain at sasakyan hihilingin sa bawat pamilya ang halagang ibinabatay sa kita at pagaari ng pamilya. Kinakailangang sumangguni sa tanggapan ng paaralan upang malaman ang batayang itinakda ng munisipyo ng bayan. Sa pagkalkula ng kita at pagaari ginagamit ang sistemang tinatawag na ISEE (Indicatore della Situazione Economica Equivalente Indikasyon ng Katumbas na Kalagayang Pang-ekonomika) na inilalarawan ang kalagayang pangekonomiko ng pamilya na isinasangalangalang ang mga ss:

- o Ang kita ng pamilya
- o Ang bilang ng pamilya at kasangbahayanan
- o Bayad sa upa ng bahay
- o Pagaaring realestate o lpon sa bangko

Ang karamihan ng mamamayan ang kwota /halagang na dapat bayaran ay nakasalalay kung saang bahagi nakagrupa ang kita ng pamilya na ang pinagbasihan ay ang kalkola ng ISEE.

Upang malaman kung saang bahagi nakabilang ang kita ng inyong pamilya kailangang humingi ng katibayang ISEE. Ang pagkakaroon ng katibayang ISEE ay walang bayad. Magtanong sa Pampaaralang tanggapan ng inyong bayan (munisipyo) kung saan at kanino maaring hingin ang kalkola at pagpapatibay ng ISEE (halimbawa sa Centro di Assistenza Fiscale na malapit sa inyo o sa URP ng inyong munisipyo atbp)

Nota: Maaaring humiling ng interpreter ng inyong wika sa pagsasagawa ng dokumento sa Centro Assistenza Fiscale para sa pagkakaroon ng pagtitibay ng ISEE.

Tulong sa Pagbabayad

